

Ang Pagbabakuna sa Panahon ng COVID-19 ay Mahalaga sa Kalusugan ng Iyong Anak



1. Dapat bang magbabakuna ang aking anak habang may mga kaso ng COVID-19 sa Los Angeles County?

- Oo, ang pagbabakuna at mga pagbisita sa kabutihan ng bata ay mahalaga at tumutulong na mapanatiling ligtas at malusog ang iyong anak, lalong-lalo na sa mga bata na wala pang dalawang taon ang edad.
- Ang pagbabakuna ay pinoprotektahan ang mga bata mula sa mga malubha at mapanakit na sakit tulad ng tigdás, beke, pertussis (ubong-dalahit) at trangkaso.
- Kung ang iyong anak ay hindi nabakunahan, bisitahin ang isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) sa lalong madaling panahon para makahabol sa mga bakunang kailangan nila.
- Para sa listahan ng bakuna na kailangan ng mga bata, pumunta sa: www.cdc.gov/vaccines/schedules/index.html.

2. Paano kung nag-aalala ako tunkol sa pagdala nang aking anak para mabakunahan sa panahon ng pandemya?



- Isa itong normal na alalahanin. Ang mga tanggapan sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare), kabilang ang mga klinika at parmasya, ay gumagawa ng mga hakbang para siguruhin na magkakaroon kayo ng isang ligtas na pagbisita.
- Tumawag bago ang pagbisita para magtanong kung paano nila pinananatiling ligtas ang mga pasyente at para sa anumang hakbang na kailangan mong gawin.
- Ang lahat ng tao na pumapasok sa isang tanggapan ng doktor, klinika o parmasya ay dapat na magsuot ng isang pantakip ng mukha maliban sa mga bata na wala pang 2 taong gulang, sinuman na hirap sa paghinga, o sinuman na hindi kayang magtanggap ng pantakip ng mukha sa sarili nila. Ang mga taong inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot nito ay hindi rin nasasaklaw. Ang mga batang 2-8 taong gulang ay dapat lang magsuot ng maskara kapag napangangasiwaan.


3. Saan ko maaaring dalhin ang aking anak para mabakunahan?



- Para sa listahan ng MURA o LIBRENG mga serbisyo sa pagbabakuna, bisitahin ang DPH sa: publichealth.lacounty.gov/ip/clinics.htm.
- Maaari mo ring tawagan ang Los Angeles County Information Line sa 2-1-1 or bisitahin ang Vaccine Finder website sa vaccinefinder.org.

CDCP-IP-0025-01 (6/23/20)

Ang Pagbabakuna sa Panahon ng COVID-19 ay Mahalaga sa Kalusugan ng Iyong Anak



4. May magagamit bang bakuna para protektahan ang aking anak at aking pamilya mula sa COVID-19?

Wala, ngunit ang pagkuha ng nakagawiang mga bakuna tulad ng bakuna sa trangkaso, bakuna para sa tigdás o ubong-dalahit, ay makakatulong na protektahan ang iyong anak mula sa iba pang mga sakit.

CDCP-IP-0025-01 (6/23/20)

